

WARM-UP

- Napagkatiwalaan ka na ba na mamuno sa isang proyekto? Paano mo napanatili ang pagkakaisa ng grupo?
- Magkuwento tungkol sa isang pagkakataon na may ginawa ka subalit hindi ka nakatanggap ng pagkilala para dito. Ano ang naramdaman mo?
- Magbigay ng pangalan ng isang taong kilala mo na buong puso kung magtrabaho nang walang hinihinging pagkilala. Magkuwento tungkol sa taong ito.

WORD *¹Ngayon, nais kong ipakilala sa inyo ang kapatid nating si Febe. Naglilingkod siya sa iglesya sa Cenchrea. ²Tanggapin ninyo siya bilang kapatid sa Panginoon gaya ng nararapat gawin ng mga pinabanal ng Diyos. Tulungan ninyo siya sa anumang kakailanganin niya dahil marami siyang natulungan at isa na ako roon. **MGA TAGA-ROMA 16:1,2***

(Basahin din ang **MGA TAGA- ROMA 16.**)

Sa huling kabanata ng Mga Taga-Roma, ipinagkatiwala ni Pablo ang ilang tao sa iglesya sa Roma. Madali lamang basahin ang nasabing kabanata dahil tila isa lamang itong listahan ng mga pangalan. Tulad ito ng pagbabasa ng listahan ng pangalan sa dulo ng isang pelikula. Subalit sa kabanatang ito, matututunan natin ang tatlong bagay tungkol sa pagpapanatili ng pagkakaisa sa iglesya.

1 Parangalan ang mga hindi napapansing bayani sa iglesya.

¹Ngayon, nais kong ipakilala sa inyo ang kapatid nating si Febe. Naglilingkod siya sa iglesya sa Cencrea. ²Tanggapin ninyo siya bilang kapatid sa Panginoon gaya ng nararapat gawin ng mga pinabanal ng Diyos. Tulungan ninyo siya sa anumang kakailanganin niya dahil marami siyang natulungan at isa na ako roon. **MGA TAGA-ROMA 16:1,2**

Ang lahat ng tao na pinangalanan ni Pablo ay may mga kuwento na bahagya niyang sinabi. Sinabihan niya ang iglesya sa Roma na batiin at tanggapin sila dahil sa marami silang naitulong. Ito ay mga tao na hindi natin mababasa sa iba pang bahagi ng Bibliya, subalit sa paglalarawan sa kanila, makikitang ibinigay nila ang lahat ng kanilang makakaya at ipinakupagsapalaran ang kanilang buhay para sa Diyos, sa ebanghelyo at sa mga apostol. Ito ay natutulad din sa komunidad ng iglesya ngayon. Marami ang naglilingkod kahit walang papansin sa kanila, hindi sila kailanman pararangalan sa entablado, at ang kanilang mga pangalan ay hindi ipapakita sa anumang bagay o lugar. Tiyak na pararangalan ng Diyos ang bawat isa ayon sa kanilang ginawa, subalit magagawa pa rin nating sundan ang halimbawa ni Pablo at parangalan at kilalanin ang kanilang mga ginawa. Ayon sa Mga Taga-Filipos 2:3 paano natin dapat ituring ang iba?

2 Magbantay sa mga taong nagdudulot ng pagkakawatak-watak.

Mga kapatid, mag-ingat kayo sa mga taong lumilikha ng pagkakahati-hati at gumugulo sa pananampalataya ninyo. Nangangaral sila laban sa mga aral na natanggap ninyo sa amin. Kaya iwasan ninyo sila. **MGA TAGA-ROMA 16:17**

Nagbigay din si Pablo ng babala sa iglesya sa Roma, at ito ay ang umiwas sa mga taong maaaring magdala ng pagkakawatak-watak sa iglesya. May ilan sa kanila na nagiging sanhi ng hindi pagkakaunawaan dahil sa paggawa nila ng mga relihiyosong

panuntunan na hindi ayon sa isang maayos na doktrina. Sila ay nagiging mga hadlang sa pagkakaisa. Sinabihan ni Pablo ang iglesya sa Roma na bagama't kilala sila sa kanilang pagsunod sa Diyos, nais pa rin niya na sila ay maging alerto at maging matalino tungkol *sa mga bagay na mabuti, at walang alam sa paggawa ng kasamaan* (Mga Taga-Roma 16:19). Pinaalalahanan niya sila na umasa sa Diyos, na Siyang wawasak kay Satanas. Lahat tayo ay maaaring malinlang. Subalit maaari tayong maging alerto sa mga pamamaraan ng kaaway (2 Corinto 2:11) at umasa sa Diyos na may ganap na tagumpay laban sa kamatayan. Paano mo magagawang maging alerto sa Espiritu?

3

Umasa sa biyaya ng Diyos na nagpapanatili ng pagkakaisa sa Iglesya.

*Ang Diyos ang nagbibigay ng kapayapaan, at malapit na niyang puksain ang kapangyarihan ni Satanas sa pamamagitan ninyo. Pagpalain kayo ng Panginoong Jesus. **MGA TAGA-ROMA 16:20***

Higit pa sa pag-iwas sa mga taong nagiging sanhi ng pagkakawatak-watak sa iglesya at sa pagiging alerto sa mga pamamaraan ng kaaway, paano pa natin mapananatili ang pagkakaisa sa iglesya? Tanging ang Diyos ang nagpapanatili ng ating pagkakaisa bilang isang katawan, ang katawan ni Cristo. Ang biyaya ng Diyos sa atin at sa pamamagitan natin ang makapagdadala ng kapayapaan at bubuwag sa pagkakawatak-watak na dala ng kaaway. Paano mo naranasan ang kapangyarihan ng Diyos na nagtatagumpay laban sa pagkakawatak-watak at nagpapanatili ng pagkakaisa? Ano ang dapat nating maging tugon sa mga argumento, sabi-sabi, at kompetisyon sa loob ng komunidad ng iglesya?

APPLICATION

- Magbigay ng pangalan ng dalawang tao na pinasasalamat mo dahil sa kung sino sila sa buhay mo. Ipangako na padadalhan mo sila ng mensahe ng pasasalamat ngayon.
- Dapat tayong maging alerto sa mga pamamaraan ng kaaway. Ano ang isang kaugalian na maaari mong maitatag na makatutulong sa iyo upang maging sensitibo sa Banal na Espiritu?
- Isipin ang mga kapamilya o kaibigan mo na nangangailangang makaranas ng kapangyarihan ng Diyos na nagpapanatili ng pagkakaisa. Ipanalangin na matanggap nila si Cristo bilang kanilang Panginoon at Tagapagligtas, at mangakong ipapahayag mo ang ebanghelyo sa kanila.

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa pagkakaisa na ibinibigay Niya sa Kanyang Iglesya. Pasalamatang Siya sa komunidad ng iglesya na kinabibilangan nating lahat.
- Ipanalangin na ikaw ay maging alerto sa anumang ginagawa ng kaaway na maaaring sumira sa pagkakaisa sa iglesya. Ipanalangin na hindi ka malinlang.
- Ipanalangin na araw-araw mong maalala na ang pagkakaisa sa Iglesya ay mangyayari lamang sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos. Ipanalangin na magkaroon ka ng kalakasan upang mapanatili ang pagkakaisa.



VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph